REGISTRY SYSTEM FOR BASIC SECTORS IN AGRICULTURE (RSBSA) PRIMER

ANO ANG KAUGNAYAN NG RSBSA SA MAGNA CARTA OF WOMEN?

Pambansang Koalisyon ng Kababaihan sa Kanayunan

11.11.11
VECHT MEE TEGEN ONRECHT
PKKK

Ano ang Registry System for Basic Sectors in Agriculture?

Ang **Registry System for Basic Sectors in Agriculture** o **RSBSA** ay bahagi ng pagpapatupad ng Republic Act No. 8435 o ang Agriculture and Fisheries Modernization Act of 1997. Ito ay isang **"electronic database"** kung saan natitipon ang impormasyon tungkol sa:

- Farmers, farm laborers, at fisherfolk;
- Mga benepisyo at serbisyo na makukuha ng mga benepisyaryo mula sa gobyerno tulad ng mga D.A.-accredited farmer organizations.

Ang pagiging rehistrado sa RSBSA ang **minimum requirement sa pagtanggap ng mga serbisyo at programa sa sakahan at pangisdaan.**

PKKK

Ano ang Kasalukuyang Sitwasyon ng RSBSA?

*Ayon sa D.A. sa kanilang presentasyon noong Oktubre 2021 sa isang Forum...

Farmers and Fisherfolk Registry System

(Registered Individuals as of 2021*)



PKKK

Ano ang kaugnayan ng RSBSA sa Magna Carta of Women (Republic Act No. 9710)?

Nakasaad sa Magna Carta of Women (MCW) kung ano ang **depinisyon ng mga sektor sa agrikultura at pangisdaan.** Sa MCW, binigyang-halaga ang mga gampanin na direkta at di-direkta, at may bayad at walang bayad, sa pagsasaka at pangisdaan.

Small Farmers and Rural Workers/Maliliit na Magsasaka at Manggagawang Bukid:

Sila ang **direkta o di-direktang nagtatrabaho** sa mga maliliit na sakahan at forest areas, mga manggagawa sa commercial farms at plantasyon, **may bayad o walang bayad, mga regular o seasonal.**

Ilan sa kasama rito ay:

- Mga maliliit na magsasaka na may-ari o nagbabayad pa ng lupang hindi lalagpas ng 3 hektarya, mga tenante, leaseholders, at stewards;
- Mga manggagawang rural na may sahod, self-employed, mga miyembro ng pamilya na nagtratrabaho ng walang bayad, o nakikilahok sa anumang gawaing agrikultural;
- Small-scale mining, handicrafts, at iba pang kaugnay na farm and off-farm activities.

Reference: CHAPTER II DEFINITION OF TERMS. (2010). In REPUBLIC ACT NO. 9710 The Magna Carta of Women: Implementing Rules and Regulations (pp. 11–12). Philippine Commission on Women.

Ano ang kaugnayan ng RSBSA sa Magna Carta of Women (Republic Act No. 9710)?

Fisherfolk/Mangingisda:

Ang mga mangingisda ay tumutukoy sa mga **direkta o hindi direktang nakikibahagi** sa pagkuha, pagpaparami, o pagproseso ng mga produktong pangisda.

Ilan sa kabilang dito ay ang sumusunod:

- Mga kababaihang bahagi sa pangingisda sa mga municipal waters, baybayin, at karagatan;
- Mga kababaihang manggagawa sa komersyal na pangisdaan at aqua culture;
- Mga manininindа at nagpoproseso ng mga isda at mga produktong baybayin;
- Mga nangunguha ng produktong baybayin para sa sariling pagkain o konsumo ng pamilya tulad ng mga nangongolekta ng mga kabibe o shells, mga tagapamahala ng mga bakawan, at iba pang gawain.

Reference: CHAPTER II DEFINITION OF TERMS. (2010). In REPUBLIC ACT NO. 9710 The Magna Carta of Women: Implementing Rules and Regulations (pp. 11–12). Philippine Commission on Women.

Bakit mahalaga ang partisipasyon ng kababaihan sa agrikultura at pangisdaan?

'Di mapagkakaila ang importansya ng kababaihan at ang ambag nila sa sektor ng agrikultura at sa pagkamit ng kasarinlan sa pagkain. **Ayon sa United Nations (U.N.), binubuo ng kababaihan sa kanayunan sa Asya ang higit sa 50% ng labor force sa agrikultura.** Kasama rito ang manggagawang impormal at nangangalaga sa kanilang mga pamilya at komunidad o gumagampan ng "unpaid care at domestic work."

Ang unpaid care at domestic work ay tinatawag ding **reproductive work.** Ito ay **kadalasang walang bayad at gampanin ng mga kababaihan** kung saan kabilang ang:
1) Gawaing bahay;
2) Pag-alaga sa mga miyembro ng tahanan gaya ng mga bata, nakatatanda, may sakit at may kapansanan;
3) Boluntaryong serbisyo sa komunidad.

Bakit mahalaga ang Partisipasyon ng Kababaihan sa Agrikultura at Pangisdaan?

Bahagi ng gawaing pag-aalaga ang pagseseguro ng pagkain sa pamamagitan ng pagtatanim gaya ng palay, mais, gulay, prutas, kamote at iba pang mga rootcrops.

Dahil walang bayad ang mga gawaing ito, kadalasang hindi rin ito nabibigyang suporta ng lipunan. **Hindi rin naiuugnay ang importansya nito sa iba pang gawaing produktibo gaya ng walang makakapagtrabaho na may bayad kung walang gumagawa sa loob ng bahay.** Sa kanayunan, kulang na kulang sa akses sa suportang serbisyo, edukasyon, at imprastraktura tulad ng akses sa tubig at kuryente. Dahil sa kakulangan ng suportang serbisyo, lalong bumibigat ang pasanin ng mga kababaihan. Lalo rin silang nawawalan ng oras para makagawa ng iba pang gawaing produktibo.

Ano ang mga hadlang at isyu ng kababaihan sa pagpaparehistro sa RSBSA?

Ayon sa naisagawang survey ng PKKK noong 2020 at diyalogo kasama ang Department of Agriculture nuong Oktubre 2021, ang mga nakitang isyu sa RSBSA ay:

Wala masyadong kaalaman tungkol sa RSBSA o hindi talaga alam na mayroon palang ganitong programa

Ang head of the family lang ang beneficiary/kinikilalang farmer o land owner

Hindi kinikilala ang babae bilang "head of the family"

Hindi pantay na prioridad ang binibigay sa lahat ng sektor sa agrikultura

Iba-iba ang interpretasyon ng polisiya sa kung sino ang pwede magparehistro

Sa dami ng mga gawaing bahay at pag-aalaga ay walang oras ang kababaihang lumabas para magparehistro.

Edad ang hadlang

Walang nakakarating na impormasyon sa mga magsasaka sa mga liblib na lugar

Hindi lahat ay may akses para makakuha ng valid I.D. at area requirement

PKKK

Ano ang epekto ng hindi pagsama ng mga Kababaihan sa kanayunan sa RSBSA?

1. **Kulang ang impormasyon ng bilang ng magsasaka at mangingisda.**
2. **Kulang at hindi angkop ang magiging programa, serbisyo, at polisiya para sa mga kababaihan sa kanayunan.**
3. **Mapang-iiwanan ang mga kababaihang magsasaka at mangingisda. Ito'y isang uri ng diskriminasyon.**

Ayon sa committee ng Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW), obligasyon ng estado ang igalang, protektahan, at itaguyod ang karapatan ng kababaihan sa kanayunan. Kabilang na doon **ang karapatan nilang mabuhay nang malaya mula sa anumang uri ng diskriminasyon at karapatang magka akses sa mga imprastraktura para sa kanilang kaunlarang pang-ekonomiya.**

Sa kasalukuyan, nararanasan ng mga kababaihan sa kanayunan ang diskriminasyon na ito tulad ng invisibility na direktang lumalabag sa nakasaad sa CEDAW. Ayon din sa U.N. CEDAW General Recommendation 34 noong 2016, "A fundamental challenge to the implementation of article 14 is a general lack of disaggregated data about the situation of rural women, which prevents the adequate monitoring and enforcement of their rights under the Convention."

Kung kaya't may tungkulin ang estado na kolektahin, suriin, at ipalaganap ang datos ng kababaihan sa kanayunan.

PKKK

Inday, ano ang pwede mong gawin para mabilang sa sektor ng agrikultura at pangisdaan?

Mahalaga na mabilang ang kababaihan sa kanayunan sa sektor ng agrikultura at pangisdaan. Ito'y bahagi sa pagkilala sa kontribusyon natin sa ating sektor. Ang pagsama ng kababaihang magsasaka at mangingisda sa sektor ay pagkilala sa ating karapatan.

Indibidwal ang pagrehistro sa RSBSA kaya maaaring magrehistro ang lahat ng nasa household kung sila ay may partisipasyon sa pagsasaka o pangingisda.

Alamin kung sino sa inyong kasamahan o kommunidad ang hindi pa rehistrado sa RSBSA at pag-usapan kung ano ang pwedeng gawin.

Pumunta sa Municipal Agriculturist Office (MAO) o barangay para magtanong tungkol sa pagrehistro sa RSBSA.

Sa mga makakaharap na problema sa pagpaparehistro, makipag diyalogo sa mga opisyal ng barangay o munisipyo.

PKKK

Mga Hakbang sa Pagpaparehistro sa RSBSA:

1. Ihanda ang mga kailangang dokumento.
2. Pumunta sa City/Municipal Agriculturist Office kung saang munisipyo naruon ang iyong tinatrabahong bukid. Palagdaan ang nasagutang form at iba pang requirements sa MAO.
3. Kunin ang RSBSA enrollment stub para maging kwalipikado sa iba't ibang programa ng D.A.

Mga Kinakailangan na Dokumento:

- 2x2 ID Picture
- RSBSA enrollment form
- Valid government ID o Barangay certificate
- Certificate of Land Ownership o katibayan na ikaw ay tenante, steward, etc.

Para sa iba pang katanungan tunkol sa RSBSA, maaaring tumawag sa:

+63 (2) 8928-8741 to 64 and +63 (2) 8273-2474

Department of Agriculture
Elliptical Road, Diliman, Quezon City, 1100

PKKK

References

- CHAPTER II DEFINITION OF TERMS, In REPUBLIC ACT NO. 9710 The Magna Carta of Women: Implementing Rules and Regulations (pp. 11–12). Philippine Commission on Women, (2010)
- FIAN INTERNATIONAL BRIEFING MARCH 2016, Andrea Nuila & Priscilla Claeys, 2016
- International Rural Women's Day, United Nations, https://www.un.org/en/observances/rural-women-day, website article, 2018
- "PKKK Policy Paper on RSBSA" isinulat ni Loren A. Umali, November 2021
- RSBSA Enrollment Form Instructional Manual, Department of Agriculture